CARD.. Ano ba ito? ito ang tanong ni tita Precy Honrado ng Araw na kami ay pumunta sa tahanan niya, upang himukin na sumali sa micro Finance na ito, na Recognize na Panacan I C-J, ang aming centro, patuloy parin kaming umiipon ng mga Member nagkaroon na kami ng PanI C-2 si tita Precy ay di parin sumapi sa amin, Binalikan ko siya, upang muli ay himukin na maging centerchief na sa bagong centro nila dahil walang tatayong centerchief tanong niya uli Ano ba ang CARD, pinaliwanag uli sa kanya higit ang mga Benipisyo na nakapaloob dito, wari ay naliwanagan sumali siya noon din Febrauary na siya noon nagsulit sapagkat September pa kami nagsimula.

Si tita Precy Honrado ay isang alaala ng micro Finance na ito, siya ang sumisira sa lahat ng koro-koro ng mga mamamayan dito sa Palawan. kong gaano katotoo ang CARD insurance, ang CAMIA paid plan, dahil ito noon ay di halos pansin o paniwalaan.

Sumali si tita Precy sa CARD MRI, bilang isang center-chief. at may 7 members. anim na buwan niya ito kinuha, inalok ko siya na kumuha na ng camia paid plan, sabi niya sa susunod nalang pag-release ko uli, kumuha nga nang mag-release uli hindi pa halos naka pag-isang buwan, muli nang bumili ng CAMIA, August 18, 2010, 5:30 AM, si tita Precy ay, natutulog sa kanyang Bahay kasama ang kanyang Apo na si Presas ay nabagsakan ng puno ng niyog ang Bahay, na kong saan si tita Precy ay natutulog. Bagsak ang buong puno ng niyog sa kabuuan ng kabahayan, at mismong sa ulo ni tita Precy humampas ang kahoy & poste ng bahay, kasama na dumagan sa kanya ang punong niyog, di na nagising, umuungol nalang, sumuka ng dugo habang hinihila ng mga kapitbahay, upang iahon sa bumagsak na bahay, malakas ang ulan, dahil Agosto ay tag-ulan, dinala pa siya sa NARRA Hospital, ngunit di ito kaya, kina kailangan pang dalhin sa puerto Princesa city, Hospital ng Palawan.

received March 03, 2011

[signature]

CARD MRI Insurance Agency, Inc.

marami na ang nagtatanong, dahil may CAMIA paid plan
si tita Lucy, kong magkano ang matatanggap nito,
wala akong binigay na halaga, kundi ang sa
certificate lang, o Funeral Benefits, dahil 3 wks palang
siyang kumuha, merong binabasehan ako ng benepisyo
subalit, wala kaming binibitiwang halaga, dahil yon
ay di pa sigurado kong magkano ito, di agad
nabigay ang halaga o total na pera sa mga anak,
kadahilanang ang death certificate ay sa puerto
pa kukunin, at nagkataong Friday na noon, at sa
araw ng lunes pa makakuha, at martes pa totally
complete dahil sa palawan hospital pa nirelease ito
ng claro, multiple, extra cranial Hemmorhage, iyon sa death
certificate, ang mga kamag-anak ay dumating din, marami
pala silang kamag-anak. Ang mga benepisyaryo ay.
ang anak na panganay, si Ana Anita Ginete
at Allen John Cartoneros, Lovely Louie Ondoy, di pa makontak
ang anak na panganay na siya ang primary benificiary
binayaran pa ng CARD PASIG, natagpuan din, at nakauwi
pinatawag sila sa office nana Unit, at doon, kinausap
sitang magkapatid, binigay ang Halagang Benipisyo
ng sanhi ng kamatayan ay Aksidente, ₱120,000 pesos.
cash, di sila maka paniwala, na yoon pala ang matatanggap
nila, kisali silang nagkakapatid, at yong apo ay binigyan
din, bawat isa ay ₱30,000 libong pera, at ang sampo yon
ang kay Princess sa Apo, inilimbak sa Bangko, upang
makatulong sa pag-aaral nito, ang panganay ng mai-
libing si mama nila ay umuwi din sa Manila,
ginamit ang pera para sa pag-aayos ng bahay at
mombing negosyo, at sa kasalukuyan ay lumalago na ito

11

Ang pangalawa ay Bumili ng Bangka, Ang isa ay pinagkukunan ng Asawa namili ng palay. Lumago na ito, natayo ang kanilang bahay, dati na halos hirap apesto bumili ng bangka para katuwangan di maka-bili dahil wala nga din pagod na talaga para bumili kahit maliit lang na bangka, sa ngayon, pagod naluungkot, ang nawalan ng isang ina, pero may dalawang tinwan sa kanila,

Salamat sa CARD, nakarating kayo sa NARRA At may natulungan na isang Abang ina, para sa lahat, Salamat At may CAMIA PAIDPIAN, matulay po kayo maraming Salamat po.

Para kay tita precy. Friends nawa'y maligaya ka sa piling ng may kapal, we love you FOREVER..

CARD NARRA Unit
MBA COORDINATOR, 2010, !!!
Milagros R-Edep



"Kaagapay at Karamay sa ika 12 Taong Tagumpay"

Ang maliit ay di hadlang upang makagawa ng malaki. Munti mang matatawag ngunit may kakayahang) silang lumikha, makatulong at panatiliin ang siguridad upang patuloy na lumago at umalalay para sa mas maliit na nakararami. Upang mag Tagumpay ng nakararami, gumagawa sila ng mga programa upang makatulong sa kahusayan at pag likha para sa pagiging produktibo na may kaakibat na siguridad. Kay mga ito ay ang malaking nagawa ng CARD at CARD MBA upang maging matatag ang bawat isa.

Bilang myembro naging kaagapay ko ang CARD sa bawat araw na pamumuhay. Ang siguridad ng mga kapwa ko kasapi ang aking Tungkulin. sa kanilang higit na pangangailangan Tungkulin ko na maipaabot ang Tulong at pag asang ibinibigay ng CARD sa kanilang myembro. Dama ko sa bawat ngiti ang pag asa at Tulong na naipaabot ng CARD, ay (may) malaking nagagawa upang maibsan at maging matatag sa mga oras na lubos silang kailangan ang masasandalan. Kagaya na lamang ng isang myembro sa Unit 1 ng Pinamalayan, hindi nya inaasahan na dapuan nya ng nakapanlulumong karamdaman, isa sa mga sakit na ating kinatatakutan ang leukemia. Batid ko na ang pagkakaroon ng malaking problema ay kinakailangan ng malalapitan at masasandalan. Ang kanyang pamilya ay lubos na nag dadalamhati sa kanyang kalagayan. Ang pag subok na ito sa kanilang buhay ay lubos na dinamdam ng kanyang second yr high school na anak na lalake

kung kaya mas pinili pa niyang makasama na ang kanyang mailing bitbay kesa makitang nahihirapan na ang kanyang ina. Batid ko na kahit nangungulila ang pagkawala ng anak at sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman, nagkaroon siya ng pag-asa sa tulong na ibinigay ng kawani ng CARD MBA. Ngunit anim na buwan ang nakaraan, matapos ang tatlong taong pagiging kasapi, kinuha na rin siya ng kanyang karamdaman. Agad na dinala namin sa kanilang tahanan ang benipisyo mula sa CARD MBA. Ang tulong na ito na kailangan ng kanyang pamilyang naiwan upang magsimula at ipagpatuloy ang minimithi ng kanilang ina. Nakakalungkot na pangyayari, ngunit nandoon ang CARD na oras na kailangan nila ang kanmay at siguridad".

Lubos akong nagpapasalamat na dumating ang CARD at naging parte ako ng mga programang nag-bibigay sa akin ng inspirasyon upang maging determinadong makatulong at maging produktibo sa pang-araw-araw. Tiwala ako na nandyan ang CARD upang maging kaakibat ko upang akong lumago at maabot ko ang aking mithiin na may siguridad.

Maliit man akong matatawag, ngunit kaagapay ko ang CARD upang makagawa ng malaki.

Maraming Salamat.

[signature]
LEAH S. PEREZ
MDA COORDINATOR / Pinamalayan 1 & 2



CARD MBA, MABUHAY KA!

Ako si Estrella Landicho, mula isang simpleng pamilya na nakatira sa Bañadero, Tanauan City, Batangas na pinagkalooban mabait na asawa at isang anak. Ako ay nagdesisyong sumali sa CARD noong February 5, 2010. Ang aking asawa ay namamaneho ng aming tricycle. Ako naman ay may isang maliit na tindahan na aking pinagkakalibangan. Masayang masaya ako sa pagdalo ng meeting tuwing araw ng Huwebes. Noong malaman ko na pwedeng na akong bumili ng AKAP, binayaran ko agad ito ng cash at after three months, na-irelease agad ang aking ID. Buwan ng January, 2011 na-release ang AKAP. February 05 ay nangyari ang hindi ko inaasahan.

Nanggaling kami sa bayan ng Tanauan, noong pauwi na kami at ng malapit na sa gasolinahan ng Talaga, may nakasalubong kaming owner type jeepney na wala sa tamang linya. Sinakop niya ang aming daraanan. Mabilis na kinabig pakaliwa ng mister ko siya at ay tumalsik sa malayo. Nawalan siya ng malay at pumutok ng bahagya ang kanyang ulo. Ganun din ang anak ko. Hindi ko alam kung sino ang uunahin kong tulungan hanggang sa pinuntahan kami ng maraming tao. Dinala kami ng Talaga Patrol sa Laurel Memorial District Hospital, subalit kailangan kaming ilipat sa C.P. Reyes hospital dahil hindi kompleto ang mga kagamitan sa public hospital. Mabuti na lang at mayroong kaming AKAP Card. Kinabukasan, pinuntahan agad kami ng MBA Coordinator na si Mrs. Emy Bringas. Hindi ko sya gaanong na-entertain sa mga hinihingi nyang mga dokumento para sa MVAH, dahil sa alalang-alala ako sa kalagayan ng mag-ama ko.

Nang malaman ko ang result ng X-Ray, natuwa ako dahil nasa mabuti ng kalagayan at ligtas ang mag-ama ko. Umabot sa P52,000 ang nagging bill namin subalit P2,800 lang ang binayaran naming. Pagkalabas naming ay agad kong inayos ang mga dokumentosa MVAH, rehistro, lisensya, barangay blotter at marriage contract. Mabilis naming natanggap ang claim na P10,000. Salamat sa Diyos at habang nagpapagaling ang mister ko ay mayroong kaming Cash.

Nawa ay mabasa ito ng lahat ng miyembro ng CARD. Mahalaga ang pagsali dito sapagkat mayroong CARD MBA na karamay at kaagapay ng ating buhay. Ang mga produkto ng CARD ay naayon sa pangngailangan ng tulad naming mahihirap. Kaya't CARD, mabuhay ka.

Submitted by:
Estrella Landicho
MAPAGPAKUMBABA 5
TANAUAN 1



# PAANO NAGING KARAMAY AT KA-AGAPAY ANG CARD MBA

ARAW NG CENTER VISIT KO...

NAY! NAY! ANDITO NA PO SILA MADAM SHALANI!

SIGAW NGA BATANG LALAKI HABANG KARGA-KARGA ANG NAKABABATANG KAPATID.

**BATA:** MADAM ANG GANDA NYO,KAMUKHA NYO PO SI SHALANI.

**MBA COORDINATOR**: WEEEEE? ALA AKONG PERA EH.

BATA: BASTA MADAM CRUSH KITA,KAHIT MALAKI TIYAN NIYO!

HAHAHA! TAWANAN ANG MGA MEMBERS AT A.O.

NAPUNO NG TAWANAN ANG CENTER HOUSE NG UMAGANG YUN. YUN NA ATA ANG PINAKAMASAYANG CENTER VISIT NA NAPUNTAHAN KO MAGMULA NG NAGSIMULA AKONG MAGING MBA COORDINATOR NG UNIT NAMIN.AKALA KO NUNG UNA BORING ANG TRABAHONG ITO,HINDI KO AKALAIN NA SA PAG-DAAN NG MGA ARAW MAY MGA ARAL AKONG MATUTUNAN SA MGA TAONG AKING MAKAKASALAMUHA.

NANAY: KUH! BATA KA,UMUWI KA NA NGA! BANTAYAN MO MGA KAPATID MO!

PASENSYA NA PO KAYO,TALAGANG MAKULIT PO ANG BATANG YUN.

MBA COORDINATOR: OK LANG PO TITA,NAKAKATUWA NGA PO ANAK NYO, BIBO.

PAGKATAPOS NG CENTER MITING NAGLAKAD LAKAD AKO SA PALIGID NG CENTER HOUSE HABANG HINIHINTAY ANG A.O NA MATAPOS SA KANILANG GINAGAWA. NAPANSIN KO ANG MGA KALALAKIHAN ( ASAWA NG MGA MEMBERS) NA MAY GINAGAWA.AKIN ITONG NILAPITAN.

MBA COORDINATOR. MAGANDANG UMAGA PO. SA INYO PO BA MGA KAING NA YAN TITO?

TATAY: OPO MADAM. PATI BILA-O PO GUMAGAWA DIN KAMI.

MBA. COORDINATOR: MAGKANO PO ISANG KAING TITO?

TATAY: PARA PO SA INYO 8 PESOS NA LANG PO ISA.

MBA COORDINATOR: KUNG MARAMIHAN PO BIBILHIN KO MAY DISCOUNT PO BA?

TATAY: ABA OPO! BASTA KAYO WALA PONG PROBLEMA.

MBA COORDINATOR: SIGE PO DITO NA PO AKO BIBILI NG KAING PAG NAG HARVEST NA PO NG MANGGA ASAWA KO.

TATAY: OK PO.MARAMING SALAMAT.

MBA COORDINATOR: SIGE PO SALAMAT DIN. PUPUNTA NA LANG PO AKO DITO PAG BIBILI NA AKO.

TATAY: OK PO.INGAT PO KAYO!

MBA COORDINATOR: SALAMAT PO.TULOY NA PO AKO.

BAGO UMALIS ...

BATA: MADAM BALIK PO KAYO HA?!

MBA COORDINATOR: AYOKO! ( PABIRONG SAGOT KO) HINDI NA AKO BABALIK DITO!

BATA: SIGURADO PO BABALIK KAYO DITO! MAMIMIS NINYO AKO!

MBA COORDINATOR, AO, MEMBERS: HAHAHA!

HINDI KO NA LANG PINANSIN ANG KAKULITAN NG BATA SABAY ALIS.

KINAGABIHAN SA BAHAY...

MBA COORDINATOR: ASAWA MASAKIT ANG TIYAN KO.

KASALUKUYAN KASI AKONG 5BUWAN BUNTIS NOON.

ASAWA: BAKA NABATI KA NANAMAN SA PINUNTAHAN MO KANINA?

MASYADONG MAPAMAHIIN ANG ASAWA KO, PALIBHASA LAKING PROBINSYA. NAKATULUGAN KONG NASA ISIP KO NA MASAKIT ANG TIYAN KO.

KINABUKASAN...

AW! AW! AW!

SIGAW NG TUTA KONG PINANGALANAN KONG NARUTO DAHIL SA HILIG KONG PANOORIN ANG ANIME NA PALABAS SA TV TUWING HAPON.

MBA COORDINATOR: ANDITO KA NANAMAN SA KAMA NAMIN? BABA! BABA!

SIGAW KO DITO HABANG HINAHAGILAP NG KAMAY KO ANG CELLPHONE SA ILALIM NG AKING UNAN. NAKAUGALIAN KO NA KASING TINGNAN KUNG MAY MGA MESSAGES ITO BAGO LUMABAS NG KWARTO.

3MESSAGES RECEIVE

HINDI KO ALAM KUNG BAKIT DI KO PA NABABASA ANG MENSAHE KINAKABAHAN AKO NUNG UMAGANG YUN.

"KAHAPON LANG KAKULITAN KO PA ITO" SABI KO SA ISIP KO.

" MADAM BALIK PO KAYO HA?! SIGURADO BABALIK PO KAYO! MAMIMISS NIYO PO AKO!"

MGA KATAGANG BUMALIK SA AKING BALINTATAW AT HINDI KO NAMALAYAN NA PUMAPATAK NA PALA ANG AKING MGA LUHA.

MEMBER: ITO NA PO MADAM. SANA PO MAY MAKUHA AKO KAHIT MALIIT LANG PO.KASI WALA PO KAMI PANG DOWNPAYMENT SA FUNERARIA.

MBA COORDINATOR: TITA HINDI PO AKO NANGANGAKO NA MAY MAKUKUHA HA? ITATAWAG KO PO MUNA SA P.O. PAG NAKUHA NYO PO AGAD ANG DEATH CERTIFICATE ITAWAG NIYO PO AGAD SA AKIN.

ILANG BUWAN NA PO KAYO NA MEMBER?

MEMBER: 6 MONTHS ---------------- PA LANG PO MADAM.

MBA COORDINATOR: ILANG TAON NA PO ANG ANAK NIYO?

MEMBER: 11 TAON PO

MBA COORDINATOR: SIGE PO TITA,TULOY NA PO KAMI.PAKIHINTAY PO NG TAWAG KO MAMYA PARA MALAMAN NIYO PO KUNG MAY CLAIMS PO O WALA HA?

MEMBER: OPO.MARAMING SALAMAT DIN PO.

MBA COORDINATOR: CONDOLENCE PO ULI.

HABANG NASA DAAN NAPANSIN NG MISTER KO ANG AKING PANANAHIMIK.

ASAWA: HOY! MAPANIS ANG LAWAY MO! MAY PA IYAK-IYAK KAPANG NALALAMAN DIYAN!

MBA COORDINATOR: NA SHOCK LANG AKO ASAWA.

SAGOT KO HABANG PINAPAHID ANG AKING LUHA.

ASAWA: HAY NAKU! YAN NA NGA BANG SINASABI KO,PINASOK PASOK MO ANG OBLIGASYON NA YAN TAPOS IIYAK IYAK KA PAG NAG VAVALIDATE KA NG PATAY?! BAKA PAGLABAS NG ANAK NATIN YAN IYAKIN DIN?

MBA COORDINATOR: HINDI ASAWA, IBA TO. YUNG KINWENTO KO SAYO KANINA?

ASAWA:ALIN?YUNG BATANG MAY CRUSH SAYO? HINDI KO NAMAN NAKILALA YUN,PANO NAUNA NA YANG SINGHOT MO SA ILONG MO SA KAKAIYAK.

MBA COORDINATOR: SIYA YUNG PATAY DUN KANINA.

SAGOT KO DITO.

" MADAM GUD AM PO. MAY NAMATAY PO NA ANAK NG MEMBER PO DITO SA GRACELAND.TINATANONG PO NILA KUNG MAY MAKUKUHA PO BA SILANG BENIPISYO MULA SA CARD MBA?"

AGAD AKONG NAGTEXT BACK..

"TITA PAKISABI PO IVAVALIDATE KO PO MUNA.PUNTA PO AKO MAYA-MAYA DIYAN."

AGAD KONG GINISING ANG AKING MISTER.

MBA COORDINATOR: ASAWA BANGON KANA DIYAN, SAMAHAN MO AKO MAY I-VAVALIDATE AKO SA BAOAWAS.

ASAWA: ANG AGA NAMAN, DI BA GALING KA NA DUN KAHAPON?

MBA COORDINATOR: KAHAPON YUN, TSAKA CENTER VISIT YUN HINDI AKO NAGVALIDATE. KANINA LANG DAW KASI NAMATAY.

ASAWA: SIGE, MALIGO KA NA AT MAG ALMUSAL MUNA TAYO.

HABANG PAPUNTA KAMI SA LUGAR, NAIKWENTO KO SA AKING ASAWA ANG BATANG MAKULIT DOON.

MBA COORDINATOR: ALAM MO ASAWA, CRUSH DAW AKO! HAHAHA!

ASAWA: SA DAMI NG HAHANGAAN IKAW PA EH BUTETE KA NA.

MBA COORDINATOR: SOBRA KA NAMAN, KAHIT BUTETE MAGANDA AKO! HEHE

PAGDATING SA LUGAR...

ANDITO NA ANG TAGA C.I NG PATAY! SIGAW NG ISANG MEMBER DOON.

MBA COORDINATOR:TITA GOODMORNING PO. HNDI POAKO TAGA C.I NG PATAY ,PWEDE RIN PONG BUHAY. NAKU TITA HA DI PO KAYO NAKIKINOG NG AGENDA AKO KAHAPON. PABIRO KONG SAGOT.

MEMBER: AY SORRY PO MADAM. SAMAHAN KO PO KAYO DUN SA NAMATAYAN,TAWAGIN KO LANG PO ANG CENTER CHIEF NAMIN.

MBA COORDINATOR: OK PO TITA.

PAGDATING KO SA BAHAY NG MEMBER...

MBA COORDINATOR: GOOD MORNING PO TITA, CONDOLENCE PO.

MEMBER: SALAMAT PO.UPO PO KAYO MADAM.

SAGOT NITO HABANG PINAPAHID ANG LUHA SA MGA MATA.AKO NAMAN NAKATITIG SA BATA NANAKAHIGA SA PAPAG AT WALA NANG BUHAY,PARA AKONG BINUHUSAN NG TUBIG AT NANLAMIG ANG KATAWAN KO NG MGA ORAS NA YUN.

MBA COORDINATOR: TITA IVA-VALIDATE KO PO KAYO HA?MAY KONTI LANG PO AKONG KATANUNGAN.

MEMBER: OK PO.

MBA COORDINATOR: PANGALAN NIYO PO TITA?

MEMBER: HELEN SARMIENTO PO.

MBA COORDINATOR: ANO PO PANGALAN NG NAMATAY?

MEMBER: JOHN LLOYD SARMIENTO PO.

MBA COORDINATOR: ANO PO ANG DAHILAN NG PAGKAMATAY NIYA?

(SABAY NGUSO KO SA BATA)

MEMBER: NA TETANO PO. BIGLAAN PO MADAM, HUHUHU

MBA COORDINATOR: SIGE PO TITA OK LANG PO UMIYAK. PWEDE NYO PO BANG IKWENTO SA AKIN ANG NANGYARI?

MEMBER: KAHAPON PO KASI,TUMUTULONG PA SA AMIN YAN GUMAWA NG BILA-O.BANDANG HAPON PINATIGIL KO NA,SABI KO MAG-SAING NA MUNA AT MAG GAGABI NA.HABANG NAGLULUTO PO SIYA BIGLA NA LANG PO NATUMBA,NUNG AKIN NA PONG BINUHAT NAPANSIN KO NA MAINIT PO SIYA,MATAAS NA PALA ANG LAGNAT NYA AT NANGINGINIG SIYA.DI PO KASI NAGSASABI YAN PAG MAY NARARAMDAMAN KASI TAKOT PO YAN UMINOM NG GAMOT.NUNG PINAHIGA PO NAMIN NAPANSIN KO PO YUNG SUGAT NIYA SA PAA.ANG SABI NG ISA KO PANG ANAK NASUGAT DAW SA PAKO.DINALA PO NAMIN SA OSPITAL PERO PAGDATING PO DOON SABI NG DOKTOR DEAD ON ARRIVAL NA DAW PO.HUHUHU,HINDI PA RIN PO AKO MAKAPANIWALA NA WALA NA PO ANG ANAK KO.PARANG KAHAPON LANG MASIGLA PA PO SIYA.

MBA COORDINATOR: MAY DEATH CERTIFICATE NA PO BA KAYO?

MEMBER: HINDI KO PA PO NAKUHA MADAM, WALANG-WALA KASI KAPERA-PERA NGAYON.

MBA COORDINATOR: TITA KELAN PO KAYA NINYO MAKUKUHA ANG DEATH CERTIFICATE NIYA?

MEMBER: KAHIT MAMYA MADAM PWEDE NA PO, HAHANAPAN KO PO NG PARAAN NA MAKUHA YUN.

MBA COORDINATOR: SIGE PO, ITATAWAG KO PO MUNA ITO SA P.O. TAPOS PAKIHINTAY PO YUNG TAWAG KO MAMYA KAY CENTER CHIEF ANO PO?

PWEDE PO BANG PAHIRAM NG PASSBUK NIYO PO?

MEMBER: OK PO SAGLIT LANG MADAM KUKUNIN KO.

HABANG NAGHIHINTAY NAPASULYAP AKO SA BATA, KAHIT AKO HINDI MAKAPANIWALA SA NANGYARI.

KAHIT MISTER KO'Y NATAHIMIK PANANDALIAN SA KANYANG NARINIG MULA SA AKIN.NANINDIG DAW BALAHIBO NIYA.

9AM...KRIIIIIIIING! KRIIIIIIIIING!KRIIIIIIIIING!

MBA COORDINATOR: HELLO PO MAGANDANG UMAGA PO.URBIZTONDO UNIT PO ITO.PWEDE KO PO BANG MAKA-USAP SI SIR JASON?

SIR JASON: YES ATE,AKO PO ITO.

MBA COORDINATOR: SIR TANONG KO LANG PO YUNG MEMBER NAMIN DITO NAMATAYAN NG ANAK.

SIR JASON: ANO PO ANG DAHILAN NG PAGKAMATAY ATE?

MBA COORDINATOR: TETANO DAW PO.

SIR JASON: ATE PAKIHINTAY PO YUNG DEATH CERTIFICATE NIYA,KUNG NAKALAGAY PO NA ANG CAUSE OF DEATH AY TETANO MAY MAKUKUHA PO YUN NA 5000 PESOS.

MBA COORDINATOR: OK PO SIR.MARAMING SALAMAT PO.

1 MESSAGE RECEIVE

"MADAM NAKUHA KO NA PO ANG DEATH CERTIFICATE" IHATID KO NA PO SA OPISINA."

SA UNIT...

MBA COORDINATOR: TITA PATINGIN PO AKO NG DEATH CERTIFICATE. PAKIHINTAY PO MUNA HA.

MEMBER:OK PO.

MBA COORDINATOR: SIR ITO PO YUNG NAMATAYN NG ANAK.TETANUS INFECTION PO ANG CAUSE OF DEATH.

U.M.: NAITAWAG NIYO NA PO BA SA P.O?ANO PO SABI?

MBA COORDINATOR: 5000 PESOS DAW PO PAG ANG CAUSE OF DEATH NA NAKALAGAY AY TETANUS INFECTION.FOR APPROVAL NIYO NA LANG PO SIR.

U.M: SIGE I-PAGAWAN MO NA NGA VOUCHER YAN PARA MAI DISBURSE NA ANG CLAIMS.

MBA COORDINATOR:OK PO SIR SALAMAT PO.

NAPANSIN KO NA UMIIYAK ANG MEMBER SA SULOK,

MBA COORDINATOR: TITA MAY MAKUKUHA DAW PO KAYO NA 5000 PESOS SA LIFE INSURANCE NG INYONG ANAK.

*Clarisse Nicolelyn B. Albaladejo*



# Paano mo naging Karamay at Kaagapay ang MBA

Ako si Rosalita R. Cañete nakatira sa Sapul
Calapan City. Limampu't walong taong gulang at kasal
kay Roberto a. cañeto. Ang aking asawa ay animnapu at
isa taong gulang. Kami ay may apatnapu ng kasal.
Kami ay may limang anak, apat ang lalaki at isa
naman ang babae. Ngunit sa kasamaang palad apat
na lang ang aming anak. Sa ngayon ako ay may
labing-isang taon ng kasali sa "CARD MBA". Nagsi-
mula ako noong taong dalawang libo hanggang sa
ngayon. Sa awa at tulong ng ating puong maykapal
hindi naman ako naging pasaway sa loob ng Center.
Pero sa hindi inaasahang pangyayari nagkaroon kami
ng sakit. Unang nagkasakit ang aking asawa at sa
pagkakagaling niya sumunod naman ako na halos
ay may kalahating buwan ako sa ospital na akala
ng lahat ay mamatay na ako, god knows nagkaron
pa ako ng second chance. Bigla na lang ako tumaas
ang presyon ng dugo. ako ay kinunan ng tubig sa
baga. Pagkatapos noon nadiskubre ng mga doktor
na hindi lang pala tubig sa baga ang sakit ko,
meron din ako sakit sa puso. Subalit noong ako ay nasa
ospital pa at nagpapagaling nalaman ko na ang aking
bunsong anak ay nasa ospital din. Halos nagkasabay
kami na nasa ospital pero magkaiba kami ng ospital
na pinagdalahan. Hindi halos ipaalam sa akin na ang
aking anak ay nasa ospital din. Siya ay may sakit
din sa puso yun nga lang may butas ang kanyang
puso at lumalaki na ito. Siya ay nagkaroon ng
ganyang karamdaman simula pa noong siya ay
nasa apat na baitang pa lamang sa pag-aaral.

Ang sabi ng doktor noong una siyang nadala sa ospital kelangan siyang operahan dahil lumalaki na ang butas ng kanyang puso. Sa pagkakataong iyon hindi ako pumayag dahil alam kung hindi niya kakayanin ang ganong klase ng operasyon. Sa sobrang payat at liit ng katawan ng anak ko. Ang sabi ng doktor sa akin hindi na aabot ang anak ko sa edad na dalawampung taong gulang. Nabigla ako sa sinabi ng doktor sa akin na parang hindi ko maintindihan kung ano ang aking gagawin. Kahit naman siguro sinong magulang malaman na ang kanyang anak ay kunting panahon na lang ang itatagal ay manghihina at di alam ang gagawin. Buhat ng siya ay lumabas sa ospital tumagal pa ng tatlong taon ang kanyang buhay umabot pa siya ng labing-anim na taong gulang. May apat na beses siya nadalasa ospital na sanhi ng kanyang sakit.

Huling linggo ng Agosto dalawang libo't siyam ang ang huli naming pagkikita. Lumabas ako ng ospital ngunit ang aking anak ay kasalukuyang malubha ang karamdaman. Dumating ang araw na hindi ko man lang siya naalagaan dahil sa parehas kaming may sakit. Noong hindi ko na natiis ang kanyang paghihirap muli ko siyang pinadala sa ospital. Ayaw ko na makita siyang naghihirap at wala akong magawa. Wala siyang magandang tayo sa paghiga, nahihirapan siya huminga kaya pinadala ko kaagad siya sa ospital. Noong araw na siya ay nasa ospital hindi ko man lang nagawang dumalaw sa kanya dahil nga sa mahina pa ang aking katawan. Ipinaubaya ko na lang sa aking manugang ang pag-aalaga at pag-iintindi sa kanya. At noong Agosto dalawampu at anim nabigla na lang ako at biglang nawala ang mga kasama ko sa bahay yon pala ay may masama ng nangyari sa aking anak. Nabalitaan ko na lang sa aking pamangkin na patay na ang aking anak. Ang sabi ng pangalawa kong kapatid kumalma ako at

baka may mangyari sa akin na masama. Idinating ang aking anak sa aming bahay ay nakalagay na sa atadl. Hindi ko alam ang aking gagawin dahil sa masyado pang bata ang aking anak para bawian ng buhay. Noong umaga ding yun nabalitaan ni Espie na patay na ang aking anak dumalaw siya at sinabi niya sa akin na ayusin ang mga medical certificate, death certificate, at mga xerox ng mga kailangang dalahin sa opisina. Ang sabi pa ni Espie may makiclaim na pera mula sa CARD MBA. Kaya naman pagkasabi ni Espie sa akin na ayusin ko ang mga kailangan para makapagclaim kaagad ko itong inayos. Noong kinabukasan muli dumala si Esperaza at sinabi pwede na makuha ang pera sa opisina. Kaya kaagad pinapunta ko ang aking manugang sa opisina para makuha ang pera. Nakakuha kami ng sampung-libong piso mula sa MBA. Dahil sa tulong ng MBA naipalibing namin ng maayos ang aking bunsong anak. Muli nagpapasalamat kami ng marami sa CARD MBA dahil sa walang sawa silang tumutulong sa mga kasapi nito. Malaki ang naitulong sa amin ng halagang nakuha namin sa CARD MBA.

Ngayon sa awa ng panginoon natanggap na namin na talagang ang buhay ay hindi natin hawak. Sa ngayon siya ay may isang taon at kalahati ng patay. Buhay ng siya ay namatay sa awa ng panginoon hindi na ako nagkakasakit. Namatay siya na kami ay talagang walang-wala o gipit na gipit sa buhay. Sunod-sunod kaming nagkaroon ng karamdaman sa katawan. Noong panahong wala na kami mahiraman ng pera napilitan na kaming isangla ang titulo ng aming (bahay) lupa.

Noong nabubuhay pa ang aking anak siya ang nagbibigay sigla sa aming mag-asawa. Sa ngayon unti-unti ng bumabalik ang sigla at lakas ng aming katawan. Unti-unti na rin namin nalilimutan ang mga masamang pangyayari sa aming buhay. Matagal bago ko natanggap na talagang wala na ang aking anak.

Sa ngayon ako ay patuloy na kasali sa CARD MBA at sisikapin kung maging maayos at masipag akong miyembro. Hangga't ako ay may lakas hindi ako bibitiw o bibitaw sa pagsali sa CARD.

Gumagalang,

Rosalita R. Cañete

Mylene Rueda Precia
Green/ Bacacay Unit
San Jose Malilipot, Albay

Papaano nga ba naging karamay at kaagapay ng mg kasapi ang CARD MBA? Totoo ba talaga ang mga katanungang ito? Sya ba talaga ang naging karamay at kaagapay ng mga kasapi? Ito ang mga tanong na minsan di-maalis sa ating isipan.

Pero ang mga tanong na ito ay totoo at ito ay dahil sa tulong ng CARD MBA.

Marami tayong matutunan at maari pang matutunan dito sa Institusyong pinamumunuan ng mga kasapi. Ito ay ang larangan ng pagkakapantay-pantay ng mga kasapi at kawani; kahit na magkaiba ang mga antas ng pinag-aralan. Ang CARD MBA ay pagmamay-ari ng mga kasapi; ito ay bukal ng mga karapatan at dangal ng indibidwal, Ang pagkakaisa at tagumpay ng samahan ay syang magbibigay ng lakas ng loob sa bawat isa. Ang patuloy na pagdami ng kasapian na nagtitiwala sa samahan, at gaano man ang dami nito, tulad ng kalinga at pagmamahal ng isang ina sa kanyang mga anak. Ang CARD MBA ay laging handang magbigay ng proteksiyon at benepisyo para sa lahat ng kasapi. Andyan ang life insurance para sa mga kasapi at lehitimong kaanak nito; Mayroon ding All loans insurance Package na syang higit na makakatulong sa pamilya ng kasaping binawian ng buhay na may natitira pang utang sa CARD. Mayrom ding Retirement Savings Fund para sa mga kasaping magreretiro na. Dahil sa patuloy na naging matatag ang samahan nagbibigay sila ng iba pang serbisyo nang walang dagdag na kontribusyon ang mga kasapi, gaya ng mass wedding para sa mga kasaping nagsasama na na hindi pa kasal; ito ay ibinibigay sa mga member na 1 year ng member sa CARD. Mayron ding Disaster Relief Assistance Program para din sa mga kasaping nasalanta o biktima ng mga Natural na kalamidad.

Dahil sa pagtitiwala mananatiling karamay at kaagapay ng mga kasapi ang CARD MBA.

Ang tanong na ito na "Paano nga ba magiging karamay at kaagapay ng mga kasapi ang CARD MBA? Minsan mahirap isipin pero totoo. . . .

Noong May 15, 2006 naging member ang nanay ko na si Saturnina Rueda sa Bacacay Unit. Lagi akong kontra sa nanay ko sa tuwing nag-uutang sa CARD. Ang sabi ko sa nanay ko tigilan na ang pag-uutang at wala ka ding mapapala dyan; ang sabi ng Nanay maganda daw ang mga benepisyong pinagkakaloob ng CARD sa mga kasapi." Ang sabi ko naman katulad din nyan ng ibang mga microfinance na ang iniisip lang ay kumita; Mula non lagi na akong kontra sa nanay ko. Lumipas ang ilang taon si Nanay ay laging nagkakasakit; lagi kong pinagsasabihan na magresigned ayaw nya talagang magresigned dahil ang rason nya ay sa CARD daw ay may matatag na bukas, iba daw talaga ang CARD sa ibang microfinance. Ang CARD MBA daw ang syang magbibigay kasagutan sa mga problema ng mga kasaping mahihirap. Hanggang sa mahigit na apat na taon na ang Nanay sa CARD, wala akong nagawa kundi suportahan na lang sya sa gusto nya. Nagkasakit ang nanay ko noong June at dinala ng kapatid sa Santa Rosa Laguna para doon muna manirahan sa bahay ng kapatid ko. Ako muna ang nag-aatend ng weekly meeting para sa nanay ko. Habang ako ang nagmemeeting may mga bumibisita sa Center para magpaliwanag ng mga produkto at serbisyo ng CARD MBA, unti-unti kung naiintindihan ang nanay. Nalaman ko din na mayroon din palang MBA coordinator na syang tutulong sa mga kapwo nya member. Minsan nalulungkot ako kasi naaawa ako sa nanay ko; kaya pala ganun ka aktibo sa CARD ang nanay; at lagi niyang sinasabi sa akin na balang araw ay magpapasalamat daw ako sa CARD ito daw ang magiging karamay namin kung sya ay mamatay.

Nag-apat na buwan ang nanay ko sa Santa Rosa Laguna, minsan tumawag sya sa akin na kunin ko na daw sya para pag namatay sya ay nasa sariling bahay sya, hindi ako nakapunta kasi walang-wala talaga akong pera. Tumawag syang September 25, 2010 na gustong-gusto na nyang umuwi,

Pagkatapos ng ilang lingo tumawag sa akin ang ate ko, Oktobre 4, 2010 noon ang sabi ng ate wala na ang nanay, patay na sya. Masakit at hindi ko matanggap sising-sisi ako noon kasi sa simpleng hiling ng nanay ko na kunin sya doon sa Santa Rosa hindi ko nagawa. Nagdiesyon na ang ate ko na hindi na iuwi ang bangkay ng Nanay dito sa Bacacay at sa Santa Rosa na lang iuwi. Bago ako pumunta ng Santa Rosa agad kong pinaalam sa Bacacay Unit ang tungkol sa nanay ko na patay na, pumunta din ako sa bahay ng MBA Coordinator para magtanong kung ano ang gagawin ko hinanap ko yong Pass book ng nanay at sabay na kaming pumunta sa unit, Agad na din palang ipinaalam ng Branch manager sa CARD MBA Naga ang tungkol sa Nanay.

Nagbyahe ako na pamasahe lang ang pera ko na yon ay hiniram ko lang sa kapit-bahay namin. Pagdating ko sa bahay ng ate ko sa Santa Rosa, pareparehas kaming mga walang pera. Ang sabi ko sa ate ko na may makukuhang benepisyo sa CARD MBA ang nanay, yan ay pinagtiyagaan ni Nanay sa loob ng 4 na taon, ate kung wala ang CARD MBA paano natin haharapin at tatanggapin ang pagkawala ni nanay. Nang maibigay na sa amin ang benepisyo ni Nanay yon ay na disburse sa Santa Rosa Laguna Unit. Nagkaroon kami ng lakas ng loob na magkakapatid na harapin ang unos na dumating sa aming buhay, Naging karamay at kaagapay namin ang CARD MBA, laking tuwa at pasasalamat naming magkakapatid na may karamay at kaagapay kami sa kabila nang aming pagluluksa.

Saludo ako sa mabilisang pagaksyon ng ng CARD MBA sa pagpapatupad ng napakabisang paraan para maibigay nang mas mabilis ang benepesyong nakalaan sa mga kasapi sa oras ng pangangailangan.

Lubos po akong nagpapasalamat at humahanga sa CARD MBA Family sa lahat na bumubuo ng programang ito na nagkaroon ng Essay Writing Contest, dahil ito ang paraan para makapag pasalamat kami, Maraming Salamat, mabuhay ang CARD MBA.

Sa Ngayon po ay isa na din akong member at ang ate ko na nasa Santa Rosa Laguna.

# Mga ala-ala sa Perang naiwan mula sa CARD

Noong panahon 2000 ay naging kasapi si Gina. Sila ay nakatira pa island ng Pio V. Corpus, MAS. ang tawag sa kanilang lugar ay Bugtong. Naging kasapi ng mahigit tatlong taon, aktibong kasapi si Gina sa kanilang center, nagkaroon siya ng loan o utang sa CARD ginamit niyang dagdag kapital sa kanyang hanap-buhay nagtayo siya ng sari-sari store. Si Gina ay may anak na apat na puro maliliit noong panahon iyon. at ang trabaho ng kanyang asawa ay mangingisda.

Dumating ang araw nagkaroon si Gina ng malubhang karamdaman naubos at kanyang pera sa pagpapagamot pero walang nangyari - napatay si Gina noong panahon iyon.

Nagpapasalamat ang pamilya ni Gina sa CARD, dahil napa-libing si Gina ng maayos at may natira pang halaga para sa umpisa ng kanilang hanap-buhay. Nakatanggap ang pamilya ng malaking halaga dahil may loan ang member na namatay. Malaki raw ang naitulong ang CARD dahil sa perang naiwan ni Gina naging matatag silang mamuhay kahit wala na silang ina. Kong napatay raw ang kanilang ina na walang naiwan siguro nagkahiwahiwalay silang magkakapatid, dahil sa perang iyon napalaki nila ang hanap-buhay, nakapag-aral ang kanyang mga kapatid. dahil ang panganay na anak ang naghawak sa perang naiwan ng ina, kahit wala pa sa tamang edad.

Kaya hanggang ngayon buhay pa sa ala-ala ng mga anak ni Gina ang naiwan pera na galing sa tulong ng CARD.

Iyon lang po. Maraming salamat sa pagbasa nitong maikling kwento sa buhay ni Gina.

Ang nagpadala
NENITA [signature] COTON
MBF Coordntor
PVC MAS